8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin
1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (para sa Unang Linggo)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University-Mindanao)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron.(Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.


**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, UNANG KWARTER, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag- unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal*) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan.**<br>(a) Nakababasa ng mga impormasyon tungkol sa kasaysayan ng panitikan sa dalawang panahon.<br>(b) Nakahahayag ng mga ideya at impormasyong nakalap sa klase.<br>(c) Napahahalagahan ang pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng panitikan sa bansa. |
| **D. Nilalaman** | • Panahon ng Propaganda at Himagsikan<br>- Kaligiran ng kasaysayan<br>- Mga manunulat |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals<br>• SDG 10: Bawasan ang Hindi Pagkakapantay-pantay<br>• SDG 16: Kapayapaan, Katarungan at Matatag na mga Institusyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| • Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications. |

- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Gomburza. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/gomburza/
- Knowledge Power TV. (2020, July 20). *PAG-USBONG NG NASYONALISMO | ANG TATLONG PARING MARTIR* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=Niohq5bIc_E
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf
- *Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*
- Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas.* C & E Publishing Inc. Quezon City.
- Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan.* https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng- kapilipinuhan.pdf
- Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**TUGON-TANONG:** Sagutin ang mga tanong batay sa nakaraang paksa na Ibong Adarna.<br> | Maaaring pagpipilian ang mga gawaing inihanda.<br><br>Maaaring oral o pasalita ang bahaging ito ng balik-aral.<br><br>Maaaring dagdagan ang katanungan.<br><br>Ang diaspora ay tumutukoy sa pag-alis ni Don Juan sa kahariang Berbanya at sa kanyang mga paglalakbay at |

**TAMBAL-LARAWAN:** Itambal ang mga larawan ng bayani sa Hanay A sa kanilang deskripsiyon sa Hanay B. Gamitin sa pangungusap ang mga sagot.

| A | B |
|---|---|
| <br>1. Jose Rizal<br>Larawan ni José Protasio Rizal Mercado y Alonso Realonda; mga 1890s. (C.E. 1890s). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Jose_Rizal_full.jpg. | a. Unang pangulo ng Republika ng Pilipinas |
| <br>2. Marcelo H. Del Pilar<br>Larawan ni Marcelo Hilario del Pilar y Gatmaitán (1850 - 1896). (Circa 1890s). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:M.H.delPilaryGatmaitan.jpg. | b. Utak ng himagsikan |

napagtagumpayang mga hamon.



3. Graciano Lopez Jaena

Larawan ni Graciano Lopez Jaena. (2010). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Jaena1l.jpg.

c. Naniwalang edukasyon ang paraan upang makamit ang kalayaan at kaunlaran ng bansa



4. Antonio Luna

Larawan ni Antonio Luna y Novicio. (2010). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Antonio_luna_small.jpg.

d. Nagtatag ng Diaryong Tagalog



5. Emilio Aguinaldo

Larawan ni Emilio Aguinaldo. (c. 1919). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Emilio_Aguinaldo_ca._1919_(Restored).jpg.

e. Dakilang orador ng Kilusang Propaganda



6. Apolinario Mabini

National Historical Commission of the Philippines. (n.d.). Larawan ni Apolinario Mabini. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:A mabini.jpg.

f. Dakilang heneral at isa sa nagtatag ng La Solidaridad

Sagot sa Tambal-Larawan
1. C
2. D
3. E
4. F
5. A
6. B

**2. Pagkuha ng Pidbak**

**SURI-PROYEKTO:** Balikan at suriin ang mga proyektong ginawa sa Filipino Baitang Pito. Isulat ang sagot sa ibaba.

Pangalan ng Proyekto: ________________________ Marka: _____________

| KALAKASAN | KAHINAAN | PAANO PA MAPAUNLAD |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

I-proseso ang sagot ng mag-aaral sa Suri-Proyekto.

Itanong:
Ano ang mainam gawin upang lalong mapaunlad ang susunod na mga proyekto?


**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Panghikayat na Gawain**

**Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:**

**UGNAY-KASAYSAYAN:** Tukuyin ang nasa larawan at iugnay ito ayon sa kasaysayan ng ating bansa. Hatiin ang klase at magkaroon ng debate kung alin ang papanigan.

1.



Firkin. (2017). Hand with quill. Openclipart. https://openclipart.org/detail/281214/hand-with-quill.

**at**



OpenClipart-Vectors. (n.d.). Illustration of a blade. Needpix.com. https://www.needpix.com/photo/download/853019/sword-blade-knife-weapon-steel-medieval-free-vector-graphics-free-pictures-free-photos.

_____________ laban sa _____________


May kalayaan ang gurong imodipika ang gawaing ito.

Ipaalam sa mag-aaral na patula ang pamaraan ng debate. Maaaring may tugma o wala ang gagamitin (malayang taludturan).


Hal.
*Ako'y naniniwala*
*Kapayapaa'y matatamasa Di sa dahas o sa bomba Kundi sa paggamit ng tinta*

*Di ako sang-ayon sa iyo*
*Tabak ang gagamitin ko Sa pamamagitan nito Kalaba'y agarang tatakbo*

Maghanda rin ng panuntunan upang maging organisado ang

| | | |
|---|---|---|
| | 2.<br><br>OpenClipart-Vectors. (n.d.). Illustration of a spear lance. Needpix.com. https://www.needpix.com/photo/93512/.<br>**at**<br><br><br>Litrato ng La Solidaridad. (n.d.). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:La-solidaridad2.jpg.<br><br>_____________ laban sa _____________<br><br>3.<br><br>Vectorportal.com. (2024). Vector illustration of a person giving a speech at a podium. VectorPortal. https://vectorportal.com/vector/public-speaker/37140.<br>**at**<br><br><br>Cover of Noli Me Tangere. (circa 1887). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Noli_Me_Tangere.jpg. | gawain:<br><br>1. Paghahanda<br>-pagbuo ng argumento<br>2. Pormat ng debate<br>-tradisyunal o hindi<br>3. Pagpapahayag ng panig<br>-pangunahing argumento at pangangatuwiran<br>4. Pagtalakay sa argumento<br>-pambukas na pananalita<br>-pagtalakay sa ebidensiya<br>5. Pagtatanong (*cross examinations)*<br>-bawat panig ay magtatanong sa katunggali<br>*6. Rebuttals*<br>-paglalahad ng argumento para sa kabilang panig<br>7. Pagpapasya<br>-hurado o tagapakinig o guro<br><br>Maaaring maghanda ng rubrik para sa gagawing debate.<br><br>Magbibigay ang guro ng overview sa mga paksang |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________ laban sa _____________<br><br>Sagot sa Ugnay-Kasaysayan:<br>1. luma/panulat at itak/tabak<br>2. sibat at pahayagan<br>3. talumpati at aklat<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Ang panitikan ay mahalagang sangkap sa kasaysayan ng ating bansa. Ito ang nagsisilbing salamin ng mga tunay na pangyayari. Nagsisilbi rin itong larawan ng mga karanasan at damdamin na siyang nagpapalalim sa kaalaman at pag-unawa sa konteksto ng panahon. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng panitikan, natutunan ang pagpapahalaga sa sariling kultura, wika, at kasaysayan.<br><br>Para sa buong kuwarter 1, pag-aaralan ang mga panitikan sa panahon ng propaganda at himagsikan. May mga tula at sanaysay na isinulat noon na bibigyan ng pagpapahalaga sa kasalukuyan. May mga tekstong persuweysib na babasahin kagaya ng sanaysay, adbertisement, talumpati, editoryal at rebyu ng aklat. Sa pagtatapos ng unang kuwarter, inaasahang makabubuo ng rebyu ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong multimodal kagaya ng video o animasyon ang mga mag-aaral.<br><br>Para sa unang linggo, ang tuon ng aralin ay tungkol sa kaligiran at kasaysayan sa panahon ng propaganda at himagsikan.<br><br>**GABAY-TANONG:** Isaisip ang mga gabay na tanong sa ibaba. | tatalakayin at sa inaasahang proyekto sa unang linggo ng kuwarter 1 upang mabatid at makapaghanda ang mga mag-aaral.<br><br>Maaaring dagdagan ang mga gabay na tanong. |




**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**TUKOY-SAGOT**: Basahin ang mga pangungusap pagkatapos ay bilugan ang DI PAMILYAR na salita. Tukuyin ang kahulugan ng di-pamilyar na salita ayon sa pagkagamit nito sa pangungusap. Sumulat ng pangungusap gamit ang di- pamilyar na salita at isulat ang sagot sa patlang. Tingnan ang unang halimbawa.

Halimbawa:

Tuwing eleksiyon, marami ang gumagamit ng (propaganda) upang maimpluwensiyahan ang mga mamamayan sa kanilang iboboto.

*Kahulugan:* adbertisement, publisidad
*Pangungusap:* Iba-ibang propaganda ang ginagawa ng mga pulitiko upang makakuha ng maraming boto.



1. Ang kilusang Propaganda ay nagsulong ng mga reporma sa pamamagitan ng pagsulat sa mga pahayagan, paglilimbag ng mga aklat,at nobela at pagtatalumpati.

*Kahulugan:*________________________________
*Pangungusap*:________________________________

2. Nagpalabas ng kautusan si Bonifacio na sumali sa himagsikan at labánan

Maaaaring dagdagan pa ang listahan ng mga bokabolaryong lilinangin.

May ibinigay na halimbawa bilang gabay sa pagsagot.

| | | |
|---|---|---|
| | ang mga mananakop.<br><br>*Kahulugan:*________________________________________<br>*Pangungusap*:______________________________________<br><br>3. Nagsagawa ang mga Español ng marahas na kampanya laban sa Katipunan, subalit gaano pa man supilin ng mga Español ang mga Pilipino ay lalo lamang silang naghimagsik at humiling ng kalayaan.<br><br>*Kahulugan:*________________________________________<br>*Pangungusap*:______________________________________ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawa-Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Panitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**UGNAY-KONSEPTO:** Isulat ang maiuugnay na konsepto o ideya. May isang representante na magpapaliwanag sa nagawa.<br><br>**1. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**UNAWA-GRAPIKO:** Unawain ang grapikong pantulong tungkol sa panahon ng propaganda at himagsikan. | Maaaring dagdagan ang bilog kung maraming konsepto ang maiuugnay.<br><br>May halimbawang ibinigay bilang gabay.<br><br>Panahon ng propaganda: Jose P. Rizal<br><br>Panahon ng himagsikan: Andres Bonifacio<br><br>Maaaring pangkatan ang pagsasagawa ng Ugnay-Konsepto.<br><br>Talakayin ang kaligirang pangkasaysayan:<br><br>1. Binitay ang tatlong Pilipinong paring GOMBURZA: Mariano Gomez, Jose Burgos at Jacinto Zamora. Naidawit sila sa nabigong pag-aalsa sa |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagsilang ng Nasyonalismo**<br>1872-1896<br><br>**Panahon ng Propaganda**<br><br>**Kilusang Propaganda**<br><br>Layunin:<br>1. Magkaroon ng pantay na pagtingin sa mga Pilipino at Kastila<br>2. Gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas<br>3. Magkaroon ng kinatawan ang kortes ng Espanya<br>4. Gawing Pilipino ang mga kura-paroko<br>5. Ibigay ang Kalayaan sa pamamahayag, pananalita, pagtitipon, at pagpapahayag ng regalo.<br><br>**Panahon ng Himagsikan**<br><br>**Katipunan**<br>KKK: Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan<br><br>Layunin:<br>1. Makabuo ng matatag na alyansa<br>2. Lumaban sa pamamagitan ng rebolusyon<br>3. Palayain ang bansa sa ilalim ng mananakop na mga Espanyol<br>4. Magtatag ng isang republika matapos ang kasarinlan. | Cavite noong 1872. Inialay ni Jose Rizal ang nobelang El Filibusterismo sa tatlong paring martir.<br>*Basahin:*<br>https://philippineculturaleducati on.com.ph/gomburza/<br><br>2. Ang pagbukas ng mga daungan sa Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan ay nagdulot ng epekto ng kaisipang liberal sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo.<br>*Panoorin:*<br>https://www.youtube.com/watch?v=Niohq5bIc_E<br><br>3. Ang pagkatatag ng La Liga Filipina ay nagpapakita ng pagnanais ng mga Pilipino na magkaroon ng sariling kakayahan at pamamahala. Ipinakita ng mga ito ang lakas ng damdamin ng mga Pilipino na ipagtanggol ang kanilang kalayaan at karapatan.<br><br>Iba pang propagandista:<br>1. Antonio Luna - sumulat ng “Noche Buena” na naglalarawan sa tunay na buhay ng mga Pilipino |

**Mga Propagandista at mga Akda**



**Dr. Jose P. Rizal**

Laong Laan at Dimasalang

**Noli Me Tangere**
*(nobelang alay sa bayan)*

**El Filibusterismo**
*(nobelang alay sa GOMBURZA)*

**Mi Ultimo Adios**
*(tulang isinulat habang nakakulong sa Fort Santiago)*

**Sobre La Indolencia de los Filipinos**
*(sanaysay na sumusuri kung totoong tama ang mga Pilipino)*

**Ala Juventud Filipino**
*(tulang handog sa mga Pilipinong mag-aaral)*



**Marcelo H. Del Pilar**

Plaridel, Dolores Manapat, Siling Labuyo, at Piping Dilat

**Diaryong Tagalog**
*(mababasa ang puna sa di mabuting pamamalakad ng pamahalaang kastila)*

**Kaiingat Kayo**
*(sanaysay na pabiro at sarkastikong tuligsa sa tugon ni P. Jose Rodriguez sa Noli ni Rizal)*

**Dasalan at Tocsohan**
*(akdang hawig sa katesismo subalit pang-uyam laban sa mga prayle)*

**Dupluhan, Dalit ang mga Bugtong**



**Graciano Lopez-Jaena**

Bolivar at Diego Laura

**Fray Botod**
*(kathang satiriko na tinuligsa ang mga prayle na masiba, ambisyoso, at di-moral ang pagkatao)*

**Sa mga Pilipino**
*(talumpating may layunin na mapabuti ang kalagayan ng mga Pilipino)*

**Mga Kahirapan sa Pilipinas**
*(tinutukoy ang maling pamamalakad ng pamahalaan at maling sistema ng edukasyon)*

**El Bandolerismo**

2. Mariano Ponce - sumulat ng "Alamat ng Bulakan" na naglalaman ng mga kuwentong-bayan.

Sagisag-ngalan o pen name na ginagamit sa pagsulat ng panitikan upang di makilala ng mga Espanyol.

Mga panitikang naisulat sa Panahon ng Propaganda

(kalipunan ng maiiksing tula at laman ay tungkol sa pang-aapi ng mga prayle sa bansa.

(ipinagtanggol niya na walang tulisan sa Pilipinas)

**Mga Propagandista at mga Akda**



**Andres Bonifacio**

Vectorized photo engraving of Andrés Bonifacio (1910). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Andres_Bonifacio.svg.



**Emilio Jacinto**

Regenerate. (2008). Illustration of Emilio Jacinto. Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:PH_nhi_emilio_jacinto.jpg.



**Apolinario Mabini**

| Andres Bonifacio | Emilio Jacinto | Apolinario Mabini | |
|---|---|---|---|
| Agapito Bagumbayan, Maypagasa, Magdiwang | Dimas-ilaw at Pingkian | Bini | Sagisag na panulat ay "*pen name*" sa wikang Ingles. |
| Ama ng Katipunan<br>Ama ng Demokrasyang Pilipino | Utak ng Katipunan | Dakilang Lumpo dahil kahit may sakit na polio ay sumanib pa rin sa himagsikan | Mga bansag o katawagan |
| | | | Mga panitikang naisulat sa Panahon ng Himagsikan |

*Talakayin:*
Hindi ipinagkaloob sa mga Pilipino ang hinihinging pagbabago ng mga propagandista. Naging bingi ang pamahalaan, nagpatuloy ang pang-aapi at pagsasamantala kaya nagkaroon ng tahasang paghihimagsik sa pangunguna ni Andres Bonifacio.

| | | |
|---|---|---|
| **Katapusang Hibik ng Pilipinas** (tulang naglalarawan sa paghihirap ng mga Pilipino)<br><br>**Pag-ibig sa Tinubuang Lupa** (tulang himukin ang mga Pilipinong maging Makabayan) | **Kartilya ng Katipunan** (akdang naglatag ng mga batas at Prinsipyo ng Katipunan)<br><br>**Liwanag at Dilim** (inilarawan ang kalagayan ng mga Pilipino sa kamay ng mga mananakop) | **El Verdado Decalogo** (Ang Tunay na Sampung Utos) (binigyang-diin ang mga katangiang dapat taglayin ng mga Pilipino upang makamit ang tunay na Kalayaan at kasarinlan)<br><br>**Sa Bayang Pilipino** (tungkol sa bayang Pilipinas) |

**Ikaapat na Araw**

**2. Paglalapat at Pag-uugnay**

**TANONG-TUGON:** Punan ang tsart kaugnay sa binasang paksa.

| TANONG | TUGON |
|---|---|
| **ANO**<br>1. Ano-ano ang mga panitikang naisulat sa Panahon ng Propaganda? Himagsikan? Ilarawan ang mga ito.<br><br>2. Ano ang tema ng panitikan sa panahong ito? Bakit?<br><br>3. Ano ang gamit at kahalagahan ng mga panitikang naisulat sa Panahon ng Propaganda? Panahon ng Himagsikan? | ____________________________<br>____________________________<br>____________________________<br><br>____________________________<br>____________________________<br><br>____________________________<br>____________________________<br>____________________________<br>____________________________ |
| **SINO**<br>4. Sino-sino ang mga Propagandista? Mga Katipunero? | ____________________________<br>____________________________ |
| **BAKIT** | |

I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral.

Ituon sa integrasyong:

SDG 10: Bawasan ang hindi pagkakapantay-pantay

SDG 16: Kapayapaan, katarungan, at matatag na institusyon

| | |
|---|---|
| 5. Bakit mahalaga ang pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng panitikan ng bansa? | ______________________________ ______________________________ ______________________________ |
| **PAANO** 6. Paano mo ilalarawan ang kasalukuyang panahon? Nakamtan na ba ng mga Pilipino ang tunay na kalayaan? Nabawasan na ba ang di-pagkakapantay- pantay? Natamo na ba ang kapayapaang matagal nang inaasam-asam ng lahat? Maglahad ng ebidensiya. | ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ |

**LAHAD-OPINYON:** Pumili ng isang linya mula sa mga pahayag sa ibaba. Iugnay sa sariling karanasan ang sagot.

"Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa kaysa kung patay na."
**- Pilosopo Tasyo (Kab. 14)**

"Mahal ko ang aking bayan pagkat utang ko rito at magiging utang pa ang aking kaligayahan."
**- Ibarra (Kab. 49)**

"Walang mang-aalipin kung walang paaalipin."
**- Jose Rizal, El Filibusterismo**



"…Ang karunungan ay para sa tao, ngunit huwag mong lilimuting iya'y natatamo ng mga may puso lamang.
**- Gurong Pari (Kab.8)**

"Kailanman, di nakahihigit ang tabak sa pluma."
**- Jose P. Rizal**

Maaaring imodipika ang gawain.

**HIMIG-PAGKAKAISA:** Basahin muna ang liriko ng awit na "Magkaisa". Pagkatapos ay pakinggan ito ng dalawang beses para mahanap ang mensahe nito. Isulat sa loob ng watawat ang naunawaan mula sa awitin.

Ang awiting "Magkaisa" ay sinulat ni Tito Sotto at inawit ni Virna Lisa. Unang inawit ito

| | | |
|---|---|---|
| |  | noong 1986 EDSA People Power Revolution. Ang link ng awitin ay: https://www.youtube.com/watch?v=tQFTrhy95cQ<br><br>Maaaring imodipika ang panuto.<br><br>Ipakita ang liriko ng awitin sa klase. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>**BINTANA ng PAG-UNAWA:** Balikang muli ang napag-aralan upang iugnay ang iba pang konsepto at kaisipan.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**GABAY-NILAY: Pasalita**<br>Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Sa linggong ito:**<br>• Nalaman kong ________________________________________.<br>• Naranasan kong ______________________________________.<br>• Naramdaman kong _____________________________________.<br>• Para sa akin, ang gamit ng panitikan noon ay_____________.<br>• Mapahahalagahan ko ang panitikan noon at ngayon sa pamamagitan ng ___________________________.<br><br>**GABAY-NILAY: Pasulat**<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br><br>1. Ano ang nagging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**MODIFAYD TAMA o MALI:** Tukuyin kung TAMA o MALI ang bawat pangungusap. Kung mali ay palitan ng tamang sagot ang sinalungguhitang salita.<br>__________1. Ang mga <u>panitikang</u> naisulat noon ay repleksiyon ng mga nangyayari sa paligid.<br>__________2. Ang <u>Noli Me Tangere</u> ay alay sa tatlong paring GOMBURZA.<br>__________3. Si Andres Bonifacio ang sumulat ng <u>Katapusang Hibik</u> ng Pilipinas.<br>__________4. Ginagamit ang mga panitikan noon upang gisingin ang <u>diwang nasyonalismo</u> ng mga Pilipino.<br>__________5. <u>Nagtagumpay</u> ang mga propagandista sa kanilang mga ipinaglalaban.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>**BASA-HASA**<br>Magsaliksik ng mga akda sa kasalukuyan na pumapaksa sa pagbabago at kapayapaan. Basahin ito at isulat sa kuwaderno ang mahahalagang impormasyon at kaisipan. Humanda sa pagbabahagi nito sa klase. | Sagot sa Pagsusulit<br>1. Tama<br>2. Mali – El Filibusterismo<br>3. Tama<br>4. Tama<br>5. Mali – Nabigo/Hindi nagtagumpay<br><br>Ang takda ay maaaring ipagawa ng isahan o pangkatan.<br><br>Ang guro ang magpapasya ng bilang ng akda o isaalang-alang ang kakayahan ng mag-aaral/klase. |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3"></td><td>Hikayatin ang klase kaugnay ng kahalagahan ng pagbabasa.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Rachel Payapaya*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: Philippine Normal University - Mindanao*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |